

Zosimo Quibilan Jr.

U d Toilet



Maraming haka-haka kung ano talaga ang ibig sabihin ng DG. Kahit mismo si DG, ayaw nang sariwain pa ang kasaysayan ng pangalan niya. Mapait daw sa alaala. “At saka, bakit pa natin pag-uusapan ang mga bagay na hindi tungkol sa produkto ko?” ngiti niya sa isang reporter sabay kindat na may kislap na nakakasilaw at nakakikiliting TING sa tenga ng mga nakapanood. Mungkahi ng isang batikang kolumnista o BK, Dehins Goli daw talaga. Dinagdagan pa nitong may pruweba siya tungkol sa tunay na pagkakakilanlan ni DG. Na kesyo, schoolmate daw niya ito sa Pisay. Doon daw nila napag-eksperimentuhan ang formula para sa kinagigiliwang pabango ng bayan. Nawala nga lang daw ang kodigong pinagsulatan nila ng formula. Kung hindi naipampunas sa puwet noong araw na magka-LBM itong si BK, malamang naipambalot nila ng tsongkee. Pahabol pa ni BK, di bale nang wala siyang pruweba. Wala naman daw siyang ibang hangad kundi ang maipamahagi sa sambayanang Pilipino ang rebolusyonaryong kosmetiko.

Wala namang masabi ang *Sey Mo!* showbiz magazine kundi punan ang initials bilang Demonyong Gayuma. Bagay na hindi naman pinansin ng karamihan dahil

una, wala namang naniniwala sa tabloid na ito at pangalawa, wala namang naniniwala sa demonyo lalo na sa gayuma.

Chika naman nitong si Bhoy Calvo ng *Shush*, matagal na raw nagpalaboy-laboy sa Pasay si DG bago naging sikat na *scintlebrity*. Siyempre, walang gustong maniwalang galing sa isang batang (mamang) lansangan ang pabango.

“Shet the puwet na malagkit,” sabi ng isang magbabalut na inambush interview. “Hindi a.” Pahabol pa nito, “Bakit ba ganyan kayong mga nasa media. Porke ba laman kami ng lansangan, wala na kaming karapatang mangarap? Nangutang lang ako ng pamasaha para makataya sa lotto. Gusto mo itaya kita?” ngiti nito sa camera. Na ikinagalit ng mga nanonood dahil walang kinalaman sa isyu ang huling bahagi ng interview. Palibhasa, kumokonti na ang sponsors ng *Shush*. Kinailangan nilang punan ng kung ano-anong footage ang nangalahating advertisers nito.

Biglaan din naman kasi ang pagkaka-pull out sa mga TVCs ng U d Toilet. Kung sabagay, sa tindi ba naman ng pagtanggap ng mga Pilipino sa produkto, hindi na nito kailangan ng patalastas sa TV. Bilang isa sa mga unang personalidad sa media na nag-feature sa U d Toilet, medyo nagtatampo lang si Bhoy Calvo na ni hindi man lang raw nagtext-back si DG nang imbitahin niyang magguest sa *Shush*. Nagpiyesta naman sa pag-imbento ng mga dahilan ang showbiz talkshow host sa karibal na network. Kesyo nagmamaktol lang daw si Bhoy Calvo dahil hindi siya ang napiling image model ng U d Toilet. Na nagwalk-out daw siya nang sumilip ang buhok ni Roni Adriano habang magkasabay at dahan-dahang hinuhubad ang tabing ng mga higanteng billboard sa Guadalupe at Santolan.

Ano’t ano pa man, wala pa ring linaw ang katauhan ni DG. Mungkahi ng headline sa isa pang tabloid, **Nagkaamuyan sa Wakas**. Hindi na kailangan pang basahin ng sinumang makasilip sa headline na tungkol ito sa U d Toilet at sa pangako nitong pagbabago sa lipunan. Hindi naman ganoon kasensitibo ang karamihan ng mga Pinoy. Malaki rin ang naitulong ng katabing larawan ng media launch ng billboard sa Guadalupe. Sa laki ng tipo ng headline, para tuloy subhead ito ng headline ng tabloid - **Talikuran ang Sangsang ng Nakaraan. Harapin ang Bango ng Bukas**.

Ayon sa isang national survey, tabla ang bilang ng mga nabiyayaan at napapariwara sa samyo ng U d Toilet. Hindi sa mahalaga o may naniniwala pa sa mga ito pero medyo astig simulan ang susunod na talata sa pamamagitan ng isang survey finding. Wala rin namang tututol kung may maghayag na makalipas ang kalahating taon, nalampasan na ng publiko ang mabantot na pangalan nito.

“Ano ba’ng bantot ang sinasabi mo?” tanong ng isang nainterview na tatlong araw nang nakapila para lang makapanood sa *YeYeYe* matapos itong hirangin ng Kongreso bilang pambansang tv game show. Nalimutan lang niya, at hindi na rin ipinaalala ng reporter, na Sabado na ng gabi noong ininterview siya at sa Lunes pa ulit ang susunod na palabas. Kunsabagay, nalimutan din ng ginang na nakailang

stampede na ang naganap nitong huling taon para lang makasali sa game show. Na sa pinagmulang kulang-kulang isang daang napat at nadurog ang mga pangarap sa unang stampede noong taong ... um, basta, kulang-kulang isang libo na ang namamatay para lang makabati sa TV, o magsayaw nang wala sa tiyempo o kumanta nang wala sa tono o magpakagago o magpauto o makigago o kombinasyon ng lahat ng ito. At ... teka, nasaan na ba tayo? A! Nabaon din sa limot gaya ng Martial Law noong taong ... Basta yong pangalawang martial law noong rehimen ng pangulo na anak ng dating pangulo kahit pa hindi opisyal na idineklara talaga ito.

... Paano ba naman, heaven talaga ang halimuyak. Pati pangalan mo malilimutan mo. Mapapatanong ka kung sino ang nanay mo? Kahit sinong nagpapahid, bumabango. Lahat ng pangit, pinapaganda. Lahat ng kapintasan, binabagyo ng papuri. Naitala nga sa mga simbahan at munisipyo na halos nagdoble raw ang nag-apply ng marriage license. Dagdag pa ng isang tagapangasiwa sa Manila City Hall, na sinegundahan pa ng isang clerk sa Manila RTC, bundok-bundok na ang petisyon para ipawalang-bisa ang mga inisyu nilang legal separation.

Hindi naman nagpahuli ang Simbahan sa pagsawsaw sa kontrobersiya. Hindi makapag-isyu ng opisyal na pahayag ang opisina ng Arsobispo ng Maynila. Hindi pa rin sila nakakapili ng kapalit ni Cardinal Javier nang umalis ito sa pagkapari. Basta nawala na lang daw. Lekat na media kasi komo't may kontrobersiya lang, binansagan na siyang *Arsobisyo*. May nagmungkahi pa ngang nagpakamatay raw si Cardinal. Ilang expose rin ang ipinalabas sa TV tungkol sa pagpapatahimik sa mga tumitiwalag sa simbahan. Siyempre, ipinahiwatig lang nilang hindi sa pagbusal ng mga bibig ang pagpapatahimik kundi sa mismong pagpapaaga ng mga appointment nila kay San Pedro (na kung pag-iisipang mabuti, isang baduy at napaka-cliché na paraan ng pagsabing pinagpapapatay ang mga pari dahil nang nagkaroon sila ng mapanuring pang-amoy, nawalan naman sila ng pananampalataya).

Dagdag pa ng isang kolumnistang Apo sa Tuhod ng Isang Pangulo o AsTnIP, "Heaven, alas, throbs in a certain state of mind, a rapture that resides in the olfactory senses." Nagpatuloy si AsTnIP sa kanyang kolumn sa paglahad ng kung ano daw ang ayaw ipaalam ng Simbahan. Na isang araw, naapektuhan nang husto si Cardinal Javier nang magspray ng U d Toilet, wala sa isip na nagpaalam lumabas ng Palasyo sa may R. Pascual at tumawid ng Shaw Blvd. para samahan ang childhood sweetheart niyang naghihintay sa taxi. Wala na'ng makapagsabi kung saan sila nagtungo pagkagaling sa Sta. Mesa. May isang saksi na nagsabing galing sa all-boy's school si Cardinal, isang pahayag na walang kinalaman sa sinundang pangungusap pero may pasaring tungkol sa kinagigiliwang kasarian ni Cardinal. Kahit mismo si Bishop Isip, hindi na mahagilap ng media matapos ihayag na imumungkahi nila ang agarang pagbabawal ng U d Toilet sa buong sambayanang Pilipino. Hinihintay na lang ang pirma ng ibang mga obispo sa susunod na pastoral letter.

Natural, hindi nakatulong ang pahayag ng Simbahan para pigilan ang pagbebenta ng U d Toilet. Sa halip, dinumog pa ng mga tao ang mga tindahang

nagbebenta nito para kahit paano, maging ganap ang ilusyong hindi sila naghihirap. Na hindi sila nagpapasakop at nauuto ninuman. Na demokratiko at patuloy ang pag-unlad ng Pilipinas. Excommunication man ang katumbas ng pagpapabango gamit ang U d Toilet o hindi, wala na talagang magagawa pa. Nabuksan at sumingaw na ang botelya, 'ika nga.

Dahil sa kakaibang pagsikat ng U d Toilet, naging bagong tagpuan ang billboard nito sa Santolan. Dito na ngayon ang puno't dulo ng mga malawakang trapik sa Kalakhang Maynila. Kung tutuusin, lahat ng tumigil sa pagnonobena sa Quiapo, sa Baclaran, sa Nagtahan, sa Antipolo, dito na tumatambay. Araw-araw na lang kailangang ayusin ang trapiko dito na pinuputakti ng mga taong sindami ng mga karaniwang EDSA rally.

Mabilis na naamoy ni Harry So ng AM Group of Companies ang pagkakataon kaya't sumingaw ang balitang magtatayo raw ng mall doon. Ang "ultramegauniversal" mall ng AMGC. Mas malaki pa sa Mall of Asia, kung tutuusin. Hinihintay na lang raw na mapirmahan na ang pagbenta sa Camp Aguinaldo.

Kapuputok pa lang ng balitang ito, bumaha naman lalo ang mga tao sa paligid ng billboard. Nagtext-brigade pa ang karamihan para maghakot ng mga kapwa nilang nabiyayaan ng U d Toilet. **EDSA Kinse**, bansag ng mga reporter sa radyo na unang dumating doon.

"Ito na ang huling EDSA ng dadaluhan ko," sabi ng isang nakapanayam na lolo. May convoy naman ng mga jeep na lulan ng mga hakot-for-hire, mga taong pupunta sa anumang rally o kilos protesta mapangakuan lang ng pagkakataong humakot ng bigas sa mga nabubulok na kamalig ng kung sinong politiko kahit di nila talaga kailangan at gusto lang nilang makatikim ng libire—kahit anong libre. Pare-pareho ang nakasulat sa streamer nila (**Nag-eedsang EDSA, Ngayon Na!**) na may drowning sa tabi ng hintuturong matigas na nakatayo.

Nagsulputan rin ang briga-brigadang nagmartsa galing sa Pasig, Taguig, Cembo, Paranaque, at Bacoar. Tuwing may grupong darating, madaragdagan rin ang mga streamer na ikakabit nila sa gilid ng billboard. Maingat ang lahat na hindi matakpan ang mismong larawan ni Roni Adriano. Di bale na ang mga babaeng nakahubad sa foreground. Nakatalikod naman lahat na tanging ang kulay ng mga buhok nila ang pagkakaiba. Kahit sino, kahit yong nagpapagpag at sumisinghot ng borax sa poolan sa Kanto, kahit yong mga ngumangata ng hilaw na aratiles sa ilalim ng flyover sa Makati Avenue, alam na ginamitan ng clone stamp ang mga modelo, matapos ang madugong pag-air brush. May ilang nagrapeling sa gilid ng billboard gaya ng ginawa sa media launch (muli, maingat para hindi matakpan si Roni Adriano) para haplusin ng bimpang tarpaulin. Para ibato pabalik sa mga tao sa ibaba. Hindi sila magkandaugaga sa dami ng mga ibinabatong tela—mapabimpo, t-shirt, bra, thong, o karsunsilyo. Wala rin naman silang takot mahulog.

Nang umabot na sa isang milyon ang tao sa paligid ng billboard, nang mamaos na ang mga nagtalumpati sa ibabaw ng mga truck na ginawang entablado, nang mabutas na ang mga tambol at speakers, nang maputol na ang mga kuwerdas ng gitara, nang malimutan ng mga tao kung ano ang dahilan ng pagtitipon, at higit sa lahat, nang magkaroon ng panic buying sa mga outlet ng U d Toilet, nagtawag ng emergency meeting ang Pangulo.

Muntik nang hindi matuloy ang pulong. Bukod sa isyu ng panic buying, kailangan pang talakayin muna ang usapin tungkol sa makapangyarihang cartel sa industriya ng balut sa Aguho Pateros, Hagonoy, Kalawaan, Barangka, at mga karatig-bayan. Kasabay ng pagsikat ng U d Toilet ang matinding demand para sa balut. Kahit pa naniniwala naman ang lahat na temporary spike lang ito, sinamantala ng asosasyon ng mga magbabalut ang bahagyang paglaganap (o pambansang epidemya, ang hindi opisyal na bansag) ng panlalambot ng tuhod. Humigit sa kalahati ng Gabinete, kabilang na ang Bise Presidente ang ginugupo ng karamdamang ito.

Pinatulan din ng YeYeYe ang sitwasyon at ginawang isa sa mga jackpot prizes ang isang trak ng balut. Mabuti na lang, sa tinagal-tagal ng pagpapatakbo ng Balut, Palusot segment, wala pa ring nananalo. Kung nagkataon, malalaman ng milyon-milyong tagasubaybay na isa na namang matinding panggagago ang gantimpalang balut (plastic na itlog lang ang hinihimas-himas ng mga co-host kapag papasakalyehan na ang segment).

Sa normal na kalagayan, malamang na walang epekto sa manonood kung nagkataong may nanalo at wala silang maibigay na premyo. Ibang usapan ngayon. Marami ang nakataya. Kailangang tumibay ulit ang mga tuhod ng mga tao. Hindi lang naman para sa kama ang tigas ng tuhod na inaasam-asam ng mga tao. Literal ang pagkalambot na ito na wala nang makapasok sa trabaho. Tumigil ang ilang construction. Walang makapagbuhat ng mga kargamento sa Pier. Wala na ring mga politikong makapagbuhat ng sariling bangko. Para maibsan na agad ang nakapanlulumong kondisyon, naglabas ng dalawampu't limang toneladang balut ang pamahalaan mula sa imbakan nila sa Tipas at Libis. Nauna nang nabugok ang 14 toneladang nakaimbak sa Batasan, sa Senate building, at sa San Miguel at Sta. Clara Parish Church sa Katipunan.

Nang magbanta muli ang panic buying, may nagmungkahi sa Pangulo na hindi na siguro kalabisan na humingi ng tulong sa buong puwersa ng militar, habang may natitira pa silang lakas. Tuta, naroon lang naman ang kampo. Katapat pa ng Camp Crame. Hindi lang nila mahagilap ang Chief PNP. Hindi na raw ito sumasagot sa cellphone kung, makapasok man ang tawag. Paano ba naman, ilang araw nang walang silbi ang mga cellphone sa dami ng anyaya sa text para lumusob at bantayan ang billboard. Nagsimula na ang pulong nang may bumulong sa Pangulo na nahagip raw ng camera si Chief PNP sa Patrol TV (matagal na nilang nilaglag ang Infotainment sa pangalan para daw disimulado). Nagtatatalon daw ang punong opisyal ng Kapulisan sa isang entablado. Supsop-supsop ang isang pekeng torotot

na hinihipan kapag bagong taon habang ginugulo ang buhok at kinakalamay ang tiyan. Sandaling naantala ang pulong sa pagbukas ng higitang TV screen.

Walang umimik sa saglit na video footage sa kabila ng paglarawan ng anchor na para daw nakokoryente si Chief PNP. Pinagaan naman ng co-anchor ang hirit ng kasama niya. Para hindi mahinuha ng mga manonood na may karahasan (hiwatig ng terorismo) sa Chief PNP, hinambing na lang niya sa isang gorilyang nakawala sa hawla ang kakaibang paglundag at pagmuwestra nito. Umaalog-alog ang studio footage at bago pumaling sa gilid ng set ang camera.

Bago mag-commercial gap, nahagip naman ng camera ang ilang cameramen at PA ng balita na nagpapagulong-gulong sa katatawa. Mabuti na lang na nakadamit silang lahat dahil sa pangingsay at paghagap na mas malapit sa halinghing, siguradong maiilang ang mga nagsidalo sa pulong. Bata pa sila nang bumaha sa Arlegui at Avenida ng pirated DVD ng *Scandal Doll*, ang sex video na panay (dirty) talkies na nagpasikat sa pangulo noong kagagradweyt pa lang niya sa high school. May international traffic pa ang internet noon. Tiyak nakapost na agad sa Youtube ang mga footage ng kaganapan sa Maynila kung hindi sinensor ng Pangulo ang internet ilang taon na ang nakakalipas.

Sa isang iglap, natahimik ang lahat pero hindi anghel ang dumaan. Matapos ang katahimikang makakapagpadugo ng tenga, nagsimulang magsalita sa pulong ang isang tanyag na Heswita. Wala naman raw tutol sa Probinsiya nila tungkol sa pagtatayo ng mall. Kung tutuusin, makakatulong pa ito sa pagsulong ng ekonomiya. Ilang libong trabaho rin yon. Nakapagpareserve na nga sila ng ilang magkakatabing unit sa preselling ng mall para gawing kapilya sa loob. Ang hiling lang nila, at umuugong-ugong na rin ang balitang ito ilang linggo na ang nakakaraan, na sana makaisip pa sila ng ibang itatawag sa mall. Napachismis na malaking bahagi ng mall ang bibilhin ni DG. Kaya naman laking galit ng mga Heswita nang makarating sa kanila ang minungkahing pangalan ng mall. Sabi nga ni Father SJ, S.J., “Kahit ano ang ipangalan. Huwag lang AMDG.”

“Nakaisip nga silang tawaging *People Power* ang kudeta noong 1986 at *Withdrawal of Support* naman ang kudeta ng 2001, itong mall na ito, hindi nila maisipan?” dagdag pa nito.

Nagdududa na rin nga ang mga mamamayan kung talagang kasosyo si DG sa pagtatayo ng mall. Mungkahi ni Secretary Mong Puno (Trade and Industry), pakana lang daw ito ni Harry So. Para mas mapalapit sa mamamayan ang higitang mall. Para mas malaki pa ang kikitain niya bukod sa pagbili sa MRT 22 at Metro Meralco. Alam ni Sec. Puno kung gaano katuso ang real estate magnate noong Account Executive pa lang niya ito sa Saatchi and Saatchi.

“Kasalanan n’yong lahat yan,” paratang naman ng Social Welfare Secretary. Hanggang ngayon, hindi pa rin nito nakakalimutan ang ad campaign na pinamunuan ni Mong Puno noong Creative Director na ito sa McCann Erickson. “Kung hindi

dahil sa Pribado-Panalo (pagsasapribado ng mga korporasyong pampamahalaan), malamang kontrolado pa rin ng pamahalaan ang mga basic services sa buong bansa,” dagdag pa nito.

“Biruín mo, ang pagbabago ng kamalayan na ilang dekada nang pinangarap ng Education Department sa pagtulak sa Ingles bilang medium of instruction, naisagawa sa ilang linggo ng *buwa-kanang-kanang* ad campaign na yan.”

Itatama sana ni Puno na *bwa ka ng ina* dapat ang mura nang awatin na sila ng Pangulo. Titigil din naman talaga si Puno kaso lang may kumutos sa kanyang isa pang Kalihim. E napikon ...

“Focus,” sigaw ng Pangulo. Kinailangan pa nitong tumayo sa mesa para maging madulain ang binitiwang salita. “Alam kong konti lang tayo, pero siguro naman, merong ilan dito ang may matinong suhestiyon kung paano tutugunan ang krisis na ito.”

Napalunok ang Pangulo sa pagbansag sa sitwasyon sa Santolan bilang isang krisis. Sa dagundong ng mga mungkahi, pagtutol, pagbirit ng *Basang-Basa sa Ulan* ng Secretary of Labor, sa paghihip sa silbato ng Secretary of Sports, natigilan ang lahat sa paglagapak ng mesa sa Pangulo (o ng Pangulo sa mesa, depende sa Presidential Security Group o PSG). Nagpigil ang lahat habang unti-unting tumatayo ang Pangulo na sumisimpleng banatin ang nagusot na barong.

Agad sumugod ang PSG at tinutukan ng baril ang lahat ng umaalog-alog ang balikat. Nagkaroon lang ng wangis ng kaayusan nang kumalembang na ang Chief of Staff. Alam ng lahat ang ibig sabihin nito. Ihahain na ang sabaw: puwedeng tinola o bulalo. Susunod ang kanin at mechado, etc.

Sa kabila ng paligsahan kung sino ang pinakamalakas humigop ng utak ng bulalo na sinundan ng pahabaan ng pagdighay, ipinalabas naman sa higitang screen ang nakumpiskang bio-pic ni DG. Wala man lamang introduction. Basta dumilim na lang ang boardroom at lumiwanag lang sa papitik-pitik na ilaw ng mga gasgas na numerong 5, 4 ... 2, 1 ...

Napapapalatak sa paghanga ang ilan sa pagbulaga ng pamilyar na birada ng mga torotot at ang paghagod ng camera sa 3D logo ng 20th Century Fox. Nasilaw ang lahat sa pagtama ng animated searchlights sa gilid ng logo. Naudlot ang palakpakan ng mga nanonood pagkatapos ng opening sequence. Matapos ang hindi gaanong black screen, umingay ang koro ng iba’t ibang halinghing. Nang sumiwalat na ang eksena, napansin agad ng Pangulo ang depokadong bibig na pinalalabas-masukan ng isang *pedrong* supot. Naaninagan agad nila ang bigote at balbas na pumapalibot sa bibig.

“Sino na naman. Ang. Nakialam. Sa gamit ko!” malalim na sigaw ng isang lalaki sa dilim bago tuluyang naging asul ang screen na may nakasulat na STOP sa kanang-itaas ng screen. Hindi pa sana titigil ang galit na boses nang lumiwanag sa buong boardroom.

Nagpapaypay ang Pangulo habang kinakalikot ang kanang tenga. Sa kanan niya, namumula naman ang Secretary of Foreign Affairs. Malalim siyang nag-iisip. Pilit na hindi pinapansin ang paggapang ng pawis sa magkabilang sentido habang hinihimas-himas ang balbas at bigoteng nakita ng lahat nang extreme close-up.

“I’m sorry, Mr. President, mukhang may nakalusot sa Anti-Piracy Campaign namin,” paumanhin ng Press Secretary. Impit ang tawa ng Pangulo pero sapat na ito para magsimula ang bungisngisan sa buong silid.

“Pagbutihin n’yo, okay? Sa ngayon, patutuwarin, I mean, patatawarin muna kita,” sagot ng Pangulo, patawang hindi sinalubong ng mas malakas na tawanan gaya ng inaasahan. Hinayaan muna niyang humupa ang kaguluhan bago pinaglaho ang ngiti sa mukha. “Tama na kalokohan, isalang na ang pelikula ni DG,” utos niya.

Namatay ang ingay parang sumunod sa pag-off ng switch ng ilaw. Nang lumabas na sa screen ang title card ng bio-pic ni DG, napabuntong hininga ang lahat. Umingit ang mga upuan sa pagsandal ng miyembro ng Gabinete. Nagsalitan ang pagnguya ng popcorn tuwing walang matinding background music o masigasig na sound effects sa pelikula. Malamalam ang gilid ng screen. Mala-Charlie Chaplin naman ang pagkilos ng aktor na gumana kay DG. Makailang beses sinubukan ng operator ng DVD na alisin sa screen ang subtitles na Bahasa pero matapos magkamaling ma-off ang audio, at mapalitan naman ng Simple Chinese ang subtitles, pinabayaan na lang niya. Mahirap makipagtalos sa malalaking boga ng PSG. Napansin din niyang may kasamang subtitles talaga ang pelikula pero hindi tungkol sa kuwento ni DG ang inilalahad. Kung sabagay, naroon sila para manood at hindi para magbasa.

Naglalakad nang walang muwang sa kalye si Dehins Goli. Itim ang damit niya. Butas-butang at nangangapal sa ilang bahagi. Ilang taon na siyang naglalaglag. Wala siyang pakialam sa mga magagarang sasakyang dumaraan. Wala rin silang pakialam sa kanya.

Pinakamahalaga ngayon para sa kanya ang malagyan ng laman ang kumakalam na tiyan. Mariin niyang sapo-sapo ang tiyan. Parang nawakwak ang tiyan at pinipigilang bumulwak ang mga bituka. Matapos ang ilang eksena ng paglalakad na pinatungan ng lyrics ng classic na kanta ni Aiza Seguerra, napadpad siya sa isang binyagan sa gilid ng simbahan. Kasalukuyang nagpapakodak ang mga ninong at ninang. Bitbit ng isa ang sanggol na kahit sa murang edad pa lang, nanlilisik na ang mga mata at salubong ang hindi pa kumakapal na mga kilay sa pari. Dahil gusto ng lahat na makasama sa ritrato, nabaling ang tingin nila kay Dehins Goli. Kahit pa sobrang sangsang ng amoy niya, nagpakisuyo na rin sila.

Pagkakuha ng ritrato, inabutan nila si Dehins Goli ng barya. Pangmeryenda raw. Inusisang mabuti ni Dehins Goli ang baryang limang piso. Kinapa ang mga nakasulat, kinagat-kagat. Ilang saglit pa, isinubo at nilulon niya ang barya.

Sinundan ng camera ang barya sa lalamunan ni Dehins Goli. Bumara ito sa lalamunan. Nilunasan niya ang pagkakabara ng lalamunan sa ilang kontroladong

pagsakal-sakal. Dinagukdagukan ang sarili, pero walang nangyari. Nagtatakbo siya para maghanap ng tubig. Kumatok siya sa isang bahay, pero walang tao. Kinalampag niya ang isa pang gate, pero may aso. Tumakbo siya sa isang Jollibee, pero tinutukan agad siya ng shotgun ng guwardiya. Nakiusap siya sa isang tindahan pero ang sabi sa kanya ng tindera, wala silang tubig. Meron lang mineral water, limang piso bawat bote.

Nagpatuloy pa siyang nagtatakbo hanggang masumpungan ang isang sidecar na may kargang mga container ng tubig. Sinipat niyang mabuti ang sidecar at nang matiyak na wala ang pahinante, sumimple siyang lumapit. Kinatok-katok niya ang bawat container pero said na ang lahat maliban sa isa. Napaupo na lang si Dehins Goli sa uhaw. Pumuwesto siya sa tabi ng sidecar at sa natitirang lakas, itinagilid ang tanging container na may laman.

Sa unang lagok pa lang, bumaon na ang bara sa lalamunan niya. Pero parang ilang taon na siyang hindi nakakainom ng tubig, nanatili siya sa pagkakaupo at ipinagpatuloy ang pag-inom. Uminom siya nang uminom hanggang unti-unting malango sa tubig. Tuluyan siyang nawalan ng malay at nakatulog sa tabi ng sidecar.

Pagdating ng pahinante, napakamot na lang ito sa ulo. Itinayo niya ang natumbang container at nagsimulang magpedal. Sa pag-alis ng sidecar, maaaninagan ang karatula sa likod :

**Smells like Paksiw.
Fresh Vinegar. No calories. No joke.
For deliveries call: 115-0888**

“Teka, teka, teka,” sigaw ng Pangulo. Nagtinginan sa kanya ang mga kalihim habang hinalughog sa isipan kung ano nga ba ang tawag sa technique na ginamit sa pelikulang pinapanod niya. Nasa dulo na ng dila niya.

“Si Rene Vignet yon e,” sabi niya sa sarili. “Akala ng mga mokong na ito, wala akong alam sa art.”

Umismid pa ang Pangulo na parang nakaisa sa mga tao. Nakontrol na niya ang pagnginig ng nunal niya sa pisngi pero hindi pa rin maitago ng matalim niyang pangmamatapobre sa ibang tao. Mas mahalaga sa isip niya ngayon kung bakit nga ba may mga subtitles sa ibaba ng screen na mukha tuloy footnotes. Siyempre, paminsan-minsan, mahalaga ring magtanong ng may saysay tungkol sa pinapanood nila. Kung hindi man tungkol kay DG, na ayaw niya munang pagtuunan ng pansin o magtanong siya tungkol sa pelikula at sa sining ng pamemelikula.

“Aba, e kahit anim ang mata ko, hindi ko masusundan lahat ng aksiyon at nakasulat sa pelikula. Baka, statement tungkol sa art ang mismong pelikula,” patuloy siyang nakipag-usap sa sarili.

Nagduda siya pero kung susuriing mabuti, may hiwatig nga ng pagiging art film ang pinapanood nila. Hindi rin kasi kapani-paniwala ang kuwento. Lumulon ng limang piso tapos di namatay, naisip pa niya. Natigilan ang Pangulo. Napaisip.

“Parang yong napanood kong pornong Hapon na may subtitles na iba naman ang sinasabi sa visuals. Si ano yon, e. Si. Si ..., Situationist!”

Sisigaw na muli sana siya. *Why are we watching a Situationist film about DG?* Inensayo muna niya sa isip ang pagbigkas. Na huwag maging tunog sinisipon. Na ayusin ang punto. Pero pakiramdam niyang ilang minuto na ang lumipas at patuloy na nakatunganga sa kanya ang Gabinete, naghihintay sa susunod niyang sasabihin. Ang hindi niya alam, mabilis lang nangyari ang pagbigkas niya ng huling *teka* at ang pag-eensayo niyang magtanong tungkol sa pelikula. Hindi niya alam na halos magkasabay na nag-click ang switch ng ilaw at ang katulad na tunog nito mula sa mga PSG.

Kinabahan ang ilang ngumunguya ng bulalo at popcorn. Batid nilang kasabay ng pag-click ng switch, may ilang pagkasa rin ng baril. Alam din nilang kating-kati nang kumalabit sa gatilyo ang mga ito. Ilang taon nang walang krimen at insureksiyon at rebelyon mula nang magtagumpay ang kahuli-hulihang coup d’etat noong ... Basta. *Hindi na mahalaga ang taon, kundi ang pagkakataon!* Isa sa mga slogan ng Pangulo.

Hindi aaminin ng Pangulo na dahil ito sa pagkakalulong ng mga mamamayan sa pag-asa sa pagkakataong manalo sa YeYeYe. Hindi niya babanggitin dahil linggo-linggong may nananalo ng jackpot sa YeYeYe (puwera na lang sa Balut, Palusot). Baka matuon lang ang usapan na ni isa sa mga nanalo, hindi na makita. Noong ipinagdiwang ang anniversary ng YeYeYe, sinadya pa nilang mag-stage ng isang stampede para gayahin ang isang limot na game show. Naghintay ang mga masugid na manonood na makita kung ano na ang nangyari sa mga taong kapapanalo pa lang nitong mga nagdaang buwan pero na-preempt ang palabas para ibalita ng pagkakahuli sa mga lider ng KaPa, isang kilusang gustong pabagsakin ang pamahalaan na nagpapanggap (opisyal na pahayag) bilang isang kulto.

Lubha itong ikinainis ng mga tao dahil a) wala silang pakialam sa mga kuwentong tungkol sa mga kulto; b) hindi na uso ang pagpapabagsak sa pamahalaan; c) nagtatatalon na ang nanalo sa araw na 'yon at hindi man lang na-close-up ang mukha nito; d) inatake ng epilepsy ang mga nakapanood ng CBB dahil sa pagtatalon ng nanalo, ang tanging kuha ng kamera sa kanya, nagpapalit-palit din ang mukha nito parang sa slot machine; e) agawin mo na ang kalayaan, huwag lang ang libangan; f) humahaba na ang listahan at nawawala sa orihinal na paksa ng kung sino nga ba si DG; g) nagkakalimutang pinagmulan ng talaang ito ang paglalahad tungkol sa pagbabawal sa sinumang magpapaputok ng baril; h) na isa na namang cliché na segue ang listahang ito para linlangin ang mga mambabasa para bumalik sa usapin ng pamamaril; i) na dahil nga babalik na ang kuwento mula sa pagkakadiskaril sa

simula ng susunod na talata, mapapakamot na lang sila; at j) na dahil malalalim-lalim na rin ang pagkakasangkot ng mga mambabasa sa kuwento, kakamot na lang sila at magpapatuloy magbasa. Kaya ...

Lalo pang napatibay ang batas laban sa pamamaril nang pagbabarilin ng mga pulis ang isang batang naglambitin sa tore ng tangke ng tubig sa isang subdivision sa Paranaque. Dahilan ng mga triggerhappy na umasinta sa bata, kulang-kulang naman daw ang bata.

“Sisihin nila yong gin bulag,” pagmamalaki pa ng isang PO1.

“Buwisit na yan, wala na ba kaming karapatang mag-celebrate sa pagkakapromote ko,” mariing pagkokondena ng isa pang pulis laban sa kasong isinampa sa kanila.

Dagdag pa ng isang kabo, “Ikaw kaya ang umakyat sa tuktok noon nang nakasuot ng kapa, oo na, kumot na kung kumot, sa layo noon di mo na makikita ang kulay, Ulol!”

Natigilan ito nang mapansing nakatutok na sa kanya ang mga camera ng TV. Napangisi ito at naging malumanay nang magsalita.

“Paano *po* naman *po*, magsasampung taon nang pulis ’tong kumpare ko, ngayon pa lang na-promote *po*. Alam n’yo naman *pong* kung isang kahig, isang tuka lang kaming mga hamak na alagad ng batas *po*,” pahabol niya habang hinahagod ang buhok at siguradong nakalantad sa kamera ang bibig niyang parang pinagsalaksakan ng sandakot na puting graba tuwing bibitiwan ang katagang *po*.

“Tao lang *po* kami, nagkakamali rin ... *po*,” dugtong ni PO2 na natuto sa kasama niya kung paanong umasta sa media. Para kahit paano, pogi sila sa kanilang seconds of fame sa ere.

Napawalang-sala ang mga pulis na bumaril sa bata nang mapatunayan ng korte na naunang lumundag ang bata nang nagkaputukan. Samakatwid, nasa ere na ito (“Parang ibon nga,” iginiit pa ng kabo) at halos tiyak na rin ang kamatayan.

Nag-ingay sandali ang media. Mariin ang pagkondena ng isang commentator sa AM radio at napamura pa ito sa ere na kinahantungan ng kanyang pagkakasuspindi ng isang episode. Nagtatatalak siya kasabay ng tilaukan ng mga manok at hagupit ng kambal na bagyo bago isalang ang movie trailer tungkol sa remake ng *A Clockwork Orange* ni Stanley Kubrick. Pinamagatan itong *Relong Pomelo*. Tinadtad ng bleep ang mga dialog sa trailer (na sinadyang ganoon, hinala ng marami) at pinatungan ng paghataw sa tambol ang mga putok ng baril, paghagod sa cymbals naman ang bawat paglaslas at pagwawak ng mga itak. Sinundan naman ito sa pagpapatugtug ng isang sikat na eksenang niremake din mula sa pelikula ni Kubrick. Sa *Relong Pomelo*, pinila-balde nila ang kalabaw ng magsasakang itinali sa tubo ng patubig. Inaawit ng mga kabataan ang *Tuwing Umuulan at Kapiling Ka*, habang nilalaslas ng lider ng grupo ang suso ng kalabaw. Walang makakalimot sa mukha ng magsasakang

nagmamakaawa sa mga binata habang gumagapang ang anak niyang sanggol, pisil-pisil ang tinagpas na suso. Siyempre, may itim na kuwadradong nakapatong sa utong ng kalabaw nang ipakita sa trailer pero radyo nga ito kaya hindi na mahalaga yon.

Mariin na naman ang pagkondena ng Simbahan at Pamahalaan. Tumagal lang ang isyu hanggang sa pagbulaga sa lahat ng isa na namang mapayapa (may ilang namatay, siyempre) at pangkaraniwang kudeta. Nalimutan ng madla ang pagbulusok ng bata nang magliparan na ang mga tora-tora. Nalimutan din nilang ipinalabas lang nang paulit-ulit ang *A Dangerous Life* noong iniisip nilang nagkakudeta.

Sa kabila ng mahabang dibersiyong ito, bumalik din ang naratibo sa naudlot na pagpapalabas ng bio-pic.

“Huwag kayong magpapaputok!” sigaw ng Pangulo na una nang nagtaas ng dalawang kamay.

“Huwag n’yong ibababa,” sigaw ng isa. Nangangamba siyang mamisinterpret ng triggerhappyng PSG na magpaputok.

“Huwag kayong maingay!” sigaw ng isang PSG sabay humagulbol. Nanginginig ang pagkakapisil niya sa baril. Nangingisay na iwinawasiwas ang braso para mas magmukhang sersyoso ang sinasabi niya. Nagpatuloy siya habang bagsak panga ang mga tao na iilag-ilag tuwing matataong nakatapat sa kanila ang baril.

“Lagi na lang ba ninyo akong uutusan? Hindi kami robot! Kaya naming mag-isip para sa mga sarili namin. Alam namin kung alin ang tama o mali. Sino ba ang nagsabing may kapangyarihan sa likod ng may hawak ng baril. E, gago pala’ng mga mukha ninyo. Papilosopo-pilosopo pa. May hawak nga akong baril, pero sino ang may say kung kelan ko puwedeng iputok, ’to?”

Lumington ang lahat sa Pangulo. Yumuko ang Pangulo. Yumuko ang lahat.

“Dapat dinagdag din noong pilosopong ’yon, na walang bisa ang baril kung walang nagbigay ng baril. Mas maigi pa kung sinabing, walang silbi ang baril kung hindi papaputukin. Kunyari, ganito.”

Pinaputukan niya ang Secretary of Public Works. Sargo ang kanang tenga nito. Nagtilian pati ang mga hindi dapat marinig na tumitili. Kumasa naman lahat ng PSG pero dahil kasamahan nila ang nagpaputok, gumiri lang sila.

“Anong akala n’yo sa ’min? Mga Bata? Dapat baril-barilang palochina na rumatatat na lang ang ibinigay n’yo sa ’min. Huwag kayong matakot. Hindi ko kayo tinatakot. Gusto ko lang talagang marinig ang boses ko. Gusto kong magperform sa harap n’yo.”

Mangingiti siya. May ideang pumasok sa isip.

“*Kam to tink op it*, para palang microphone ang baril. Yong *Magic Sing* ha. Kung sino man ang may hawak, parang nagkakalakas-ng-loob kumanta. Yong iba umiindayog pa. *Coz my laaav, weeeel si you tru*.”

Tatango ang iba. Mapapa-aaahh, oo nga 'no? May ilang mawiwili sa pagtango. Sasabay sa di naririnig na ritmo ng song number AH789H, kung ano man 'yon.

Pero teka, nawawala na tayo sa isyu.

Sisinga siya. Papahirin ng braso ang naghalong pawis at luha sa mga pisngi. Dudukot sa bulsa ang isang Secretary na tututukan at kakasahan at kakalabitan at sasabugan ng mga boga ng PSG. Matapos mahawi ang usok, natira na lang ang kamay niyang may hawak na burdadong panyo. Nang lapitan ng isang PSG, natiyak niyang mali ang ispelang ng nakaburda doon—*Monday*.

“Ssshshh,” halong pagpapatahimik at pagsinga. “Hindi na kailangan pang umabot sa ganito. Pero sige, kung kinakailangang gawin, gawin na natin.”

Pinatayo ng PSG ang mga tao sa loob, kabilang na ang Pangulo. Hindi nila minadali.

“Take your time. Alam naming nanlalambot pa ang mga tuhod ninyo sa takot at sa, hehehe, Okay. Yong mga babae sa kaliwa. Lalaki sa kanan. Mister Secretary, sa kanan po ang lalaki. Sshshshh.”

Pinaalalahan nilang huwag gagalawin, kahit masagi man lang ang bangkay (kung anu man ang natira dito) ng bumunot ng panyo. Pinatawag nila ang kusinero para iligpit ang tambak ng laman, dugo, buto at utak. Para mas malinis ang pagkakaligpit at hindi para mas malinamnam ang pagkakainit.

Nagtinginan muna ang mga PSG sa isa't isa bago nagpatuloy magsalita ang lider nilang hindi pa rin tumitigil ang pagtulo ng luha. Umahem siya. Matagal. Medyo umo-OA na. Nangilo ang ilan, napalunok. Umimpis na hangin lang ang unang salita sa pangungusap niya. Naunawaan lang ng lahat ang huling pangungusap—“Tangkilikin ang pelikulang Pilipino.”

* * *

NANATILI SI DEHINS Goli sa pagkakasalampak hanggang dumapo na ang gabi at mga lamok. Ilang sandali pa, nag-inat si Dehins Goli at pinahid ang panis na laway na parang puting balbas sa mukha. May kakaibang sigla ang paggising niya.

Sa unang pagkakataon, nasangsangan siya sa sarili niyang amoy. Ilang saglit pa, nakaramdam na siya ng matinding pagnanasang umihi. Dali-dali siyang umasinta sa sa pader. Nagpigil nang mabasa ang karatula.

DITO IHI PUT L TITI

Napahawak siya sa pundilyo pagkakatang eksaktong nakatapat ang butas sa karatula sa titik O. Luminga-linga siya sa paligid. Ngumiti-ngiti sa pagbigkas nang paulit-ulit—titik o, titiko, ti tiko ... Naglakad sandali at pupusisyon na sa isang poste

nang may dumaan namang mga kolehiyala. Nahiya siya at kakatwang naglakad pa sa malayo, hawak-hawak ang pundilyo. Nakakita muli siya ng pader. Aktong ilalabas na niya si *pedro* nang may pumaradang owner jeep na stainless. Nag-ayos ng pagkaka-tucked-in ang pulis na bumaba mula dito. Tinapik-tapik ang lumolobong tiyan. Ang daming sinabi ng pulis gaya ng ayon sa RA number etc. at Batas Pambansa Bilang, basta kung ano-anong numero, pati na yata ang numerong hindi niya tinayaan sa jueteng (pero nanalo) sinabi, pero kung susumahin, mauuwi lang sa, Hoy! Bawal umihi d'yan! Lumingon ito sa magkabilang panig bago lumapit kay Dehins Goli. Humalik ang dulo ng bigote niya sa gilid ng tenga nang bumulong, "Pero doon puwede. Gusto mo samahan kita?"

Kumaripas ng takbo si Dehins Goli kahit pa puputok na ang pundilyo niya. Sa pasikot-sikot na pagpuga, natunton niya rin sa wakas ang isang bakanteng lote. Nagpasiya para sa kanya ang paghirap ng pagpigil ng paghinga at sa pag-ih. Tiniis pa rin niya. Nang masiguro niyang wala nang ibang tao, inilabas na niya si *pedro*. Huminga siya nang pagkalalim-lalim at umihi na parang ito ang dahilan kung bakit siya naririto sa mundo. Na parang ito ang pinakamasaya at pinakamaluwalhating gawain sa sanlibutan bukod sa pagkain ng halo-halo sa tag-araw.

Sa kalagitnaan ng kanyang pagbabawas, nagtaka siya sa kumalat na halimuyak. May kakaibang bangong nagpumilit sumalasak sa ilong niya. Hindi makapaniwala si Dehins Goli. Wala naman ibang nasa harapan niya kundi lupa at konting talahib. Naghinala na siya habang patuloy na tinitistis ng ihi niya ang lupa. Parang hindi rin ito nauubos. Sabi nga sa isang tulang nalimutan na kung sino ang nagsulat, "humuhulas, nagsesentimental." Tamang-tama para bitawan niya ang pagkakahawak sa pantalon at iumang ang hintuturo para padaluyan ng ihi. Nilapit niya sa ilong ang basang daliri at lumiwanag ang mukha. Kung anumang hinala niya tungkol kung alin nga ba ang mabango, napatunayan na. At hindi lang mabango. Saksakan ng bango.

Nang matapos ang pag-ih, hinaplos ni Dehins Goli ng daliri sa basang talahib. Ipinahid niya sa leeg, sa likod ng mga tenga, pati na sa pulso. Luminga-linga siya at dahan-dahang sininghot ang mamasa-masang pulso. Mmmmmmm. Nautal siya sa amoy. Sa pagpahid niyang ito, lumiwanag sa may harapan niya. Isang malaking bumbilya ang umilaw sa tabi ng ulo ni *pedro*. Mapapalitan ang ulo at magiging ulo ni Dehins Goli. Mabilis kumalat ang liwanag sa paligid at nahagip ng silahis nito ang pagdating ng pulis. Hindi sigurado si Dehins Goli pero malamang nasaksihan ng pulis ang buong pangyayari. Nagpasiya siyang kumaripas ng takbo sa unang hakbang ng pulis papalapit sa kanya. Dahil nga masigla na si Dehins Goli, at dahil naging kenkoy na ang paglalakad ng pulis, makakatakas agad siya.

Hahabol sana ang pulis pero matitigilan sa halimuyak na parang langit. Huminto ang pulis sa lawang iniwan ni Dehins Goli. Yumuko siya, nakiliti sa haplos ng mga dahon ng talahib sa kilay, baba, sa loob ng ilong. Umaliwalas ang mukha matapos huminga nang malalim na malalim. Hinaplos niya ang hiwatig ng basa sa talahib.

Nagpahid sa mga kamay. Minasa-masahe ang mga daliri. Lumiyad pa siya at ipinasunod sa ulo, sa ilong ang mga kamay bago suminghot muli. Para siyang nalasing sa kakaibang bango at nagpagulong-gulong sa talahiban. Ngumiti siya na nauwi sa kiming tawa. Ang tawa naging halakhak hanggang dumagundong ang buong kapaligiran. Nilamon ng palaki nang palaking bunganga ng pulis ang buong kapaligiran. Tuluyan nang ginupo ng kadiliman ang paligid. May gumagalaw sa kabila ng kadiliman. Isang hugis na kumekembot-kembot. Mamula-mula na parang aratiles na puputok na sa pagkahinog. Paglapit pa ng camera, humahalakhak ang ngalangala niyang umalog-alog.

“Yan na nga ba ang sinasabi ko, e,” sigaw ng PSG matapos i-pause na naman ang pelikula. Patuloy ang paglilinis ng mga kusinero. May ilan pang sinandok sa malalaking mangkok ang ilan sa lasog-lasog na laman ng pinagbabaril na Kalihim.

“Meron ba sa inyong makapagsasabi kung ano ang mga kuwestiyonableng elemento sa pelikulang ito?” dagdag na tanong.

Sasagot sana ang Pangulo tungkol sa nabuo niyang pagsusuri mula nang magsimula ang pelikula tungkol sa pagiging Situationist nito pero naunahan siyang magsalita ng PSG na nagtanong.

“Bakit ba lagi na lang kinukutya ang mga personalidad na may kapangyarihan. Sa pelikulang ito, ’yong pulis. Kailangan pa bang gawing bakla ang pulis. Hindi naman sa tinutuya ko ang mga bading, at huwag n’yo akong simulan sa usapin na yan, pero naisip ba ninyo kung ano ang kahalagahan ng tauhang ito?”

Magpapatuloy pa sana siya nang maisip na baka ma-obvious na may kinalaman siya sa paggawa ng pelikula tungkol kay DG (bagay na hindi pa puwedeng isiwalat hangga’t hindi pa natatapos ang imbestigasyon). May bahagi ng pagkatao niyang gustong sabihin kung ano ang papel niya sa pelikula na napangingibabawan ng bahaging kailangan unahin muna niya ang tungkulin.

Matapos ang ilang saglit ng pagtititigan nila sa isa’t isa, sumenyas siya para pindutin na ulit ang PLAY.

* * *

BIGLANG MAGIGING BIBIG ni Dehins Goli ang ngalangala. Napalitan ang halakahak ng ingay-palengke. Maraming nagbubunganga at nakikipagtagisan naman ng lakas ng pagtawad sa mga paninda. Nasa likod si Dehins Goli ng isang stall sa gilid ng simbahan. Sa iskaparate, nakahilera ang mga botelya ng mertayolet na may likidong mala-kalawang. Makikita rin ang karatula:

U d Toilet by DG.
100% Organic Cologne.

May mga nakarolyong papel na nakaipit sa kanyang mga daliri. Sampler. Dahil sa tindi ng bango, dinudumog ito ng mga tao, mapa-babae, lalaki, bata o matanda. Pinutakte ng mga mamimili ang paninda niya kaya hindi magkandaugaga si Dehins Goli sa dami ng perang kinita niya. Habang binubulatlat niya ang balumbon ng pera, may lalapit na dalawang lalaki.

“Eto ba ’yon? sabi ng isa.”

Tatango lang ang pinagtanungan.

“Mabango nga ’no?” dagdag pa ng nagtanong.

Pagkakita sa dalawa, hahamigin ni Dehins Goli ang pera niya.

“Ako nga pala si Mac Erik Son. Eto naman si Leo Burnot. Copywriter ako at Art Director siya. Baka gusto mong i-advertise namin ang produkto mo. Walang bayad pero may parte kami sa kikitain. Kung hindi uubra sa ’yo ang 50-50, kakasa na kami sa 60 percent sa amin, 40 percent sa ’yo.”

Bibilang sa daliri si Dehins Goli, mula kalingkingan patungong hinlalaki.

“Ok na daw,” sabi ng Mac. “Sige pirma ka na dito.”

Aabutin ni Dehins Goli ang ballpen at sa kanyang paglagda, hahaba ito at magiging baton ng maestro sa orkestra. Malulunod ang buong paligid sa maluwalhating *An die Freude* sa Beethoven No. 9.

Sa pagmuwestra ni Dehins Goli, magbabago siya ng anyo. Ang dating butas-butas na damit na nanlilimahid sa grasa, magiging puting pantalon at Hawaiian polo shirt. Nakabukas ang mga butones hanggang sa gitna ng dibdib niya. Sa ilong niya nakapatong ang sunglasses na sakop ang buong noo niya sa laki. Kikislap naman ang pagkakadilaw ng makapal na kuwintas at namamaga naman ang ginto sa mga daliri. Tuwing kikislap ang mga daliri, may supers na lalabas—Bling. Bling. Nakakasilaw din ang ginto sa mga ngipin niya na mapapansin ng mga nagseseksihang mga chicks na dumaraan. Lalapitan siya ng tatlong babae na agad pupulupot sa katawan niya. Haharang naman ang dalawang bodyguard na nakaamerikana’t shades pero pipigilan sila ni Dehins Goli.

Mayamaya pa, may titigil na limousine sa harap nila. Bubukas ang pinto nito at naroon sa loob sina Mac at Leo na may akbay-akbay ring mga babae. Yayayain nila si Dehins Goli na dali-dali papasok. Sa kanyang pag-upo aabutan siya ng Merlot at ipagsisindi pa ng tabako. Matitigilan siya sa paghithit pagkakita ng isang malaking billboard sa daan. Paparahin niya ang limousine at bababa. Sisimpleng ihi sa tabi ng bundok ng basura pinagpipistahan ng langaw, ipis at mga daga.

* * *

TUMIGIL ULIT ANG pelikula at nabalot ng pagsipol at kung ano-anong kagaspangan mula sa mga manonood ang conference room. Matapos ang ilang saglit na white

screen, may tekstong sumulpot. Pamagat ng isang TVC. Magiging story-board na gumagalaw ang palabas—animatics ng isang TVC ng U d Toilet.

**D&G Cosmetics
Likod Campaign
Elevator TVC 30s (Launch Ad ver.1)**

UP Suspense Music.

CU of an elevator door. **CUT** to the direction buttons; **UP** arrow is lit. **CUT TO** faces of office workers. Some are bored, some restless. A woman tucks a loose strand of hair behind her ear then pinches her nose. At the center, a metrosexually dressed man (MDM) waits patiently. His eyes blinking then the left twinkles. He looks at his watch and whistles.

CUT TO LED floor indicator, the numbers receding from 42, 40, 37, etc.

SEGUE Upbeat piano instrumental.

CUT TO a shot from the side of the MDM. Zoom out to reveal quite a veritable space between MDM and the rest of the office workers.

MVO: All Set?

CUT TO Elevator doors as they open. We hear a ding. **CUT TO** top shot outside the open elevator doors, people vigorously pour out. Heads flow briskly then part as they reach MDM. The oval space at the back of MDM is very similar to repelled iron filings parting on both poles of a magnet.

ZOOM IN to the oval space until screen becomes just the texture of the floor turning from light to dark.

MVO and SUPERS: NOT!

MVO (*spoken as annotation to the Product Freight*): Talikuran na ang mabantot na ugali. U d Toilet with natural pheromones, everyday. Para tapos ang amoy likod.

Product Freight: Shiny U d Toilet product slowly turns brand name to camera. The cap twists then a haze and drizzle of the cologne sprays to camera. Soaked screen momentarily blurs then liquid flows down. A refined hand then reaches for the bottle. **ZOOM OUT** revealing U d Toilet held by the woman waiting for the elevator.

CUT TO top shot inside the packed elevator, the same oval blank space behind MDM is sprayed with U d Toilet. The light inside the elevator brightens simultaneously as the empty space is filled by other passengers.

CUT TO MDM facing back. He sees the woman, she smiles.

MVO: at harapin ang ganda ng bawat umaga.

CROWD: Yiheee!

MDM reaches for the woman's hand only to touch U d Toilet bottle, then freezes.

MVO: U d Toilet. Alis amoy-likod para sa hinaharap.

Sa puntong ito, babalik ang eksena kay Dehins Goli. Kapansin-pansin ang suwabeng pagkakaedit ng mga eksena at TVC. Parang nanonood lang sila sa isang totoong TV broadcast.

* * *

HABANG UMIHI, TITINGALAIN ni Dehins Goli ang malaking billboard ng U d Toilet. Naroon ang retrato ni Roni Adriano. Nakangiti sa kanya. Parang sa kanya lang nakangiti. Kinabahan siya sa nakita at tumingin na lang sa basurahang inihihan niya. Sa isang iglap, nabugaw ang mga langaw at ipis habang nagkandarapa naman sa paglisan ang mga daga.

May mapapadaan namang isang babae na sa unang pagkakita sa basurahan ay nagtakip agad ng ilong. Pero nang makalanghap siya ng kaunting bango, naintriga siya at sa pagsiyasat pang mabuti, nalaman niyang ang bango pala ng basura. Mapapatingin siya kay Dehins Goli at babaling din sa billboard. Magtititigan silang dalawa at masusuperimpose ang mga mukha, magiging screen sa panibago na namang mga imaheng pinaghalong clippings sa diyaryo, mga retrato, ilang video footage at iba pa sa ibabaw ng mahinang pagtugtog ng *Knee 3* mula sa *Einstein on a Beach* ni Philip Glass. Kung puwedeng gumawa ng listahan ng mga imaheng makikita, ganito ang pagkakasunod-sunod nila:

1. Video footage ng mga batang nagpapahinga sa Smokey Mountain habang kumakain gamit ang mga kamay.
2. Eksena mula sa isang lumang pelikula kung saan itinataas ni Pugak ang bahag niya at tumutumba ang mga tao sa paligid.
3. Kumakanta sina Tito Vic & Joey: "Aah, Ahitin mo at lagyan ng polbo"
4. Karatula sa labas ng banyo na pinagsasaluhan ng ilang pamilya sa isang barangay sa San Andres - **Putang-inang Salaula ka, Magbuhos ka naman.**
5. Retrato ng isang dagat ng tao pasakay sa LRT.
6. Larawan ng karatula sa poste: **TUBERO-POSO NEGRO. Call 80093878.**
7. Front page ng isang diyaryo: Payatas tragedy.
8. Footage ng pagsabog ng Pinatubo. Mga taong naglalakad, namumuti sa abo. Lahat nakatakip ng panyo ang ilong.
9. Footage ng mga sinusunog na gulong sa kalye matapos ang isang marahas na rally.
10. Retrato ng mga patay na isda sa Guimaras matapos ang oil spill.
11. Footage ng malawakang pagbaha sa Maynila. Lumulusong ang mga tao papasok sa trabaho, eskuwela.
12. Footage ng pagbaril sa mga magsasaka sa Mendiola.

13. Retrato ng mga sapatos ni Imelda at ng higitang sapatos sa Marikina Riverbank.
14. Footage ng mga tropa ng mga hiphop, mga punkista, at mga emo na nagrarambol.
15. Usok-tusok na buhok ng isang punkista magmamatch-dissolve sa isang durian.
16. Karatula ng presyo ng mga paninda sa palengke. Sibuyas. Langka. Alamang. Daing. Bayabas. Kamias. Bawang. Isda.
17. Retrato sa frontpage ng isang tabloid - chop-chop na lalaking nakahubad at walang ulo.
18. Plakard sa rally. **Ilabas si Jonas. Kondenahin, Pagpatay sa Media, Tuta ng Kano. Resign.**
19. Footage ng isang sampayang puno ng maong at kumot. **Zoom Out** para ipakitang umuulan at nasa loob ng bahay ang sampayan.
20. Retrato ng ceremonial signing ng Pangulo at ng isang dayuhang puti.

May panuto sa susunod na imahen para mag-isip ng personal na imahen ang manonood.

21. (Fill in the blank. Masayang alaalang ibinabalik ng isang partikular na amoy.)
22. (Fill in the blank. Nakakalibog na alaalang ibinabalik ng isang partikular na amoy.)
23. (Fill in the blank. Nakakailang na alaalang ibinabalik ng isang partikular na amoy.)

Mabilis lang ang pagpitik at pagfade-in/out ng mga imahen. Sa dulo, kapag naisip mo na ang ilalagay mong alaala, malulunod sa nakabubulag na kaliwanagan ang screen.

Makikita naman si Dehins Goli na matatabunan ng balubalumbong pera. Aaliwalas ang mukha niya. Mabubura ang mga tigidig at ang mga pilat na dulot ng matagal na paggagala sa kalye. Sa isang eksena, makikita siyang nakahilata sa tabi ng private pool habang sumisipsip ng Margarita. Titingin siya sa camera at papasakalye ang *Golden Shower of Hits* ng The Circle Jerks na tutugtug hanggang matapos ang video.

Tatayo siya sa harap ng pool. Ilalaglag ang bath robe para ipakitang wala siyang suot. Hahawak siya kay *pedro* at aasinta sa pool. Titingin naman ang mga babaeng nakapaligid sa pool. Ngingiti sila. Pipikit. Aabangan ang pagsirit ng ihi ni Dehins Goli. Maririnig nila ang pagtulo at iuumang pa ang ang ilong nila sa ere. May isang pakekembotin ang ilong gaya ni Cachupoy. Halos sabay-sabay silang sisimangot. Hindi dahil bumaho na ang U d Toilet kundi wala nang pinagkaiba ito sa amoy ng inipong tubig-ulan kung saan nalunod ang kolonya ng mga itim na langgam.

* * *

SISILIP PA SANA ang simula ng isang commercial gap nang tuluyang nawala ang palabas. Nakita lang lahat ng manonood ang title card na ito:

**D&G Cosmetics
Likod Campaign
Holdap TVC 30s (Launch Ad ver.2)**

Sinamantala ng Press Secretary ang pagkakataon para magsalita. Sabay-sabay tumutok ang mga baril ng PSG sa direksyon niya pero kebs ba niya? Alam naman niyang hindi siya tutuluyan ng mga ito gaya ng alam niyang hindi totoo ang ipinalabas na pelikula.

“Kilala ko si DG at isinusumpa ko, bulaan ang nagsulat ng bio-pic na ‘yan,” sabi niya. “Sige, merong ilang parts ang totoo. Yong sa simula. Pero yong ...”

Hindi na siya natapos magsalita. Tinuluyan siya ng PSG.

“May aapila pa ba?” tanong ng pinuno ng PSG matapos mawala ang usok. Hindi naman siya narinig ng mga tao sa paligid. Mas malakas ang nagdaang putukan kompara sa kanina. Nagtaas tuloy ng kamay ang dalawa pang Kalihim para imuwestrang wala silang marinig. Ginantihan din sila ng pagspray ng mga bala. Mas malinaw na ngayon para sa lahat na huwag na lang kumibo. Sa ilang saglit, na parang tumagal ng isang henerasyon, naghari ang katahimikan.

Naantala ang katahimikan nang mag-on ulit ang TV. Ilang network plugs muna ang ipinalabas bago bumalik sa normal programming. Dito lang natukoy ng lahat na ipinalabas pala sa buong bansa ang bio-pic ni DG. May mensahe pa ang TV station sa pamamagitan ng tumatakbong text sa ibaba ng screen. Nakasulat dito ang pagpapaumanhin nila sa pagkaantala ng broadcast dahil sa power outage. Dinagdag pa nito na patuloy ang pagdagsa ng mga tao sa Santolan billboard at hindi nila makontak ang Malacañang para sa anumang pahayag tungkol sa kaguluhan. Naka-loop ang mensahe kaya paulit-ulit itong naka-flash kahit pa commercial na ang palabas.

Matapos ang ilang kuro-kuro (o pahina kung pagbabasehan itong binabasa mo), wala pa ring linaw tungkol sa katauhan ni DG. Kahit pa naturingan siyang *scintlebrity*, wala namang makapagsabi kung nasaan na siya ngayon. May nakakita raw sa kanyang pagala-gala sa Kamias. Nagbalik sa pagiging taong grasa (kung, pagbabasehan ang bio-pic na napanood ng buong bansa). Sabi naman ni Bhoy Calvo, magge-guest daw sa *Shush* pero hindi na naman sila sinipot. Sa halip, ininterbyu na lang niya yong utak sa advertising campaign ng U d Toilet bago siya dukutin ng mga armadong kalalakihan. May ilang nagsabi ring nakausap nila si DG; nagpakilalang siya rin ang pinakasikat pero hindi kilalang Pilipinong siyentipikong si

Salenga. May nagsabi ring naging ermitanyo na si DG o nagtayo ng kulto. Sinusugan naman ng ilang nadakip na pinuno ng KaPa. Si DG raw ang Supremo nila. Bilang patunay na isinasabuhay nila ang mga pananampalataya nila kay DG, binulag nila ang mga sarili para daw baguhin ang direksiyon ng buhay nila. Para gawing gabay ang pang-amoy kaysa pagtingin.

Sa kabila ng lahat, naglaho na parang halimuyak ng U d Toilet si DG. Para sa mga nakakaalala, lalo na doon sa mga may kakayahan pang makaalala, nasikmura na rin nilang kalimutan si DG. Nauwi lahat sa kaisipang, kahit na ano pa ang mabasa, mapanood o marinig nila tungkol kay DG, pipiliin at pipiliin din naman nila ang mga detalye na gusto nilang paniwalaan. Ano ba naman kung isipin na lang na isang mailap na halimuyak si DG? Kahit paano hindi magsisinungaling ang pang-amoy. Hindi kailanman mahahawakan. Puwedeng subukang ilarawan pero hanggang mungkahi lang.